# *Candida auris* Candida auris

**Ano ang *Candida auris*?**

Ang *Candida auris* (o kaya *C. auris*, ibinibigkas na *can-dee-da ow-ris*) ay isang uri ng multi-drug resistant fungus (fungus na hindi tinatalaban ng maraming gamot). Ito'y natuklasan noong 2009 at mabilis na itong kumalat sa maraming bansa.

Ang mga gamot na karaniwang ginagamit upang gamutin ang ibang mga impeksyon ng *Candida* ay madalas na hindi gumagana para sa ganitong uri ng *Candida* (multi-drug resistant). Maari itong magdulot ng mga malubhang impeksyon na mahirap gamutin.

**Paano ko malalaman kung ako'y may impeksyon ng *C. auris*?**

Ang mga sintomas ng isang impeksyon ng *C. auris* ay depende sa apektadong bahagi ng katawan. Ang *C. auris* ay maaring magdulot ng maraming iba't-ibang uri ng impeksyon, kabilang ang mga impeksyon sa taenga, mga impeksyon sa sugat, at mga impeksyon sa bloodstream (daluyan ng dugo).

Ang mga pinakakaraniwang sintomas ay lagnat at panlalamig na hindi bumubuti pagkatapos gamutin ng mga antibiotic. Maaring wala mang mapapansing anumang mga sintomas ang mga taong may ibang mga medikal na problema.

Ang ilang mga tao'y mayroong *C. auris* saanmang bahagi ng kanilang mga katawan pero wala silang impeksyon o mga sintomas ng impeksyon. Ang ibig sabihin nito'y ang taong iyon ay ‘carrier’ ng fungus (tinatawag na colonization). Hindi nalalaman ng mga taong ito na maipapasa nila ang fungus sa ibang tao.




Isang petri dish na may *C. auris*

**Sino ang pinakamalamáng na maaring magkaroon ng *C. auris*?**

Ang mga taong pinaka-naaapektohan ng *C. auris* ay ang mga taong mayroon nang ibang mga medikal na problema. Ang mga taong nasa mabuting kalusugan ay karaniwang hindi nagkakaroon ng mga impeksyon ng *C. auris*. Pero kung ang mga taong ito ay mga carrier, maari nilang ipasa ang *C. auris* sa ibang mga taong hindi kasing lusog nila.

May mas malaking tsansa na ang isang tao ay carrier o magkaka-impeksyon ng *C. auris* kung siya'y:

- nakatanggap ng healthcare sa labas ng Canada
- nagbiyahe sa mga bansa kung saan mas karaniwan ang *C. auris*
- madalas na nakatanggap ng healthcare services sa Canada <u>at</u> sa mga lugar na iyon ay nalapít siya sa mga taong nagbiyahe

**Paano kumakalat ang *C. auris*?**

Ang *C. auris* na nasa mga katawan ng mga taong carrier o impektado nito ay maaring kumalat sa ibang mga tao o mga malapit na bagay. Ang fungus ay maaring mamuhay sa mga bagay at mga ibabaw nang ilang mga linggo. Ang mahalaga ay ang hadlangan ang pagkalat.


Ang impormasyon na ito ay hindi kapalit ng payo na ibinigay sa iyo ng iyong health care provider.

# Paano itigil ang pagkalat ng Candida auris

## Sa ospital

Kung ikaw ay carrier ng *C. auris*, ikaw ay 'ilalagay sa isolation' upang hadlangan ang pagkalat nito sa ibang mga pasyente sa ospital.


Ang **paglagay sa isolation** ay nangangahulugang:

- Maglalagay kami ng isolation sign sa pinto ng iyong kuwarto.
- Ang sinomang papasok sa iyong kuwarto ay dapat magsuot ng gloves at gown bawat beses na papasok siya.



- Dapat mo gamitin ang iyong sariling washroom o commode (toilet na may gulong).
- **Huwag ipagamit** ang iyong washroom o commode sa ibang mga pasyente o sa iyong mga bisita.
- Dapat linisin ng iyong mga bisita ang kanilang mga kamay bago sila pumasok at paglabas nila sa iyong kuwarto.

**Ano ang iyong magagawa:**





- **Madalas na linisin ang iyong mga kamay** gamit ang alcohol-based hand rub o sabon at tubig, lalo na pagkatapos gamitin ang toilet, bago at pagkatapos kumain, at bago lumabas ng kuwarto.
- Manatili sa iyong kuwarto sa ospital hangga't maaari.
- Maari kang magpunta sa ibang mga lugar ng ospital para sa treatment at mga test na kinakailangan para sa iyong pangangalaga. Sundin ang mga tagubilin ng iyong healthcare providers upang maprotektahan ang iyong sarili at ang iba bago ka nila dalhin sa ibang mga lugar ng ospital.
- Tanungin ang iyong healthcare providers kung kailan at saan ka maaring lumakad sa labas ng iyong kuwarto.
- Huwag gamitin ang common areas tulad ng kusina ng pasyente, gift shop, o kaya cafeteria.
- Tandaang laging linisin ang iyong mga kamay bago ka lumabas ng iyong kuwarto.

## Sa tahanan

Ang *C. auris* ay maaring kumalat sa mga taong nasa mabuting kalusugan pero mas malamáng na hindi sila magkakasakit kumpara sa isang taong may mga medikal na kondisyon.

Kung sinabi namin sa iyo na mayroon kang impeksyon ng *C. auris* o ikaw ay carrier:

- Madalas na hugasan ang iyong mga kamay, lalo na pagkatapos magpunta sa banyo at bago magprepara at kumain ng pagkain.
- Ang mga taong kasama mo sa tirahan ay dapat din madalas na maghugas ng kanilang mga kamay.
- Huwag makigamit o pagamitin sa iba ang iyong mga personal na kagamitan tulad ng mga bimpo, tuwalya, sepilyo, o sabon.
- Gumamit ng bleach upang linisin ang mga banyo at mga ibabaw na madalas hinihipo (halimbawa, mga switch ng ilaw, mga gripo, at mga hawakan ng toilet) isang beses bawat araw at mas madalas kung ito'y mukhang marumi.
- Hugasan ang non-disposable cleaning cloths bawat beses pagkatapos gamitin.
- Takpan ng malinis na bendahe ang open draining wounds (mga bukás na sugat).
- Sabihin sa sinomang tumutulong sa iyong personal na pangangalaga (tulad ng taong nagpapalit ng iyong bendahe) na magsuot ng disposable gloves.

### Kung kailangan mong bumalik sa ospital:

- Sabihin sa nurse o doktor na mayroon kang *C. auris*. Kapag nalalaman ng iyong providers na mayroon ka nitong fungus, makapagpapasiya sila kung ano ang pinakamainam na paraan upang gamutin ka.

Glove image ginawa ni Hugo Alberto mula sa Noun Project
Ang gown at hand hygiene images ay copyright ng Fraser Health